



*Editoryal*

## Pabigat na VAT, ibasura!

**H**ilos walang ibang nilaman ang mahigit isang oras na State of the Nation Address (SONA) ni Gloria Arroyo kundi ang pagtatanggol at pagbibigay-matwid sa pagpapataw ng Value Added Tax (VAT). Tahasan niyang ibinasura ang malawakang panawagan ng mamamayang Pilipino laban sa VAT at ikinatwirang ang malaking pondong nakokolekta mula rito ay nagsisilbing tanging “depensa” ng mahihirap sa harap ng kasalukuyang matinding krisis sa ekonyoma.


Sa pagtatanggol ni Arroyo sa VAT, pinatunayan na naman niya ang kanyang katapatan sa imperyalismo at masugid na pagtalima sa mga patakaran ng imperyalistang “globalisasyon.” Ang pagtataas at pagpalawak ng VAT ay isa sa mga partikular na patakaran idinikta ng IMF at World Bank sa papet na rehimeng noong 2006. Nitong mga nagdaang linggo, ilang ulit na nagbabala ang IMF-WB laban sa pag-aalis ng VAT. Para sa IMF-WB at rehimeng US-Arroyo, ang VAT ang susing patakaran para tuluy-tuloy na makapag-bayad ng utang panlabas, panatilihang nakutang ang bangkaroteng gubyerno at pigilan ang pag-sambulat ng panibagong krisis sa pinansya.

Upang ga-wing katanggap-tanggap

sa mamamayan ang patuloy na pagpapataw ng pasning VAT, inihanay ni Arroyo ang kanyang mga hungkag na programang kontra-kahirapan. Tinawag niyang “Katas ng VAT” ang mga programang “subsidyo.” Pinalalabas nina Arroyo na “pakinabang” ito ng mamamayan mula sa VAT. Pero ang totoo'y ni-nanakaw lamang ang malaking bulto nito habang namumudmod ng mapang-insultong barya-baryang palimos sa mga nagdarahop.

Ipinangangalakan ni Arroyo na ang malaking dagdag na kita sa VAT sa langis ay napupunta sa mahihirap. Ang totoo, sangkatlo lamang ng tina-tayang ₱30 bilyong dagdag na kita sa VAT ngayong taon ang inilaan niya sa mga pakulong programang “pan-subsidy.” Gayunman, mismis pa rin lamang nito ang aktwal na napupunta sa mga naghihirap. Sadyang walang mahigpit na sistema ng auditing ang mga ito upang ang malaking bahagi nito'y maibubulsa ni na Arroyo at kanyang mga alipures. Takam na takam sila sa

“Katas ng VAT” para lalo pa silang makapag-pasasa at mas mapalaki pa nila ang kani-lang pondo para sa mga



**Mga tampok sa isyung ito...**

**Malawakang protesta inilunsad sa SONA**  
PAHINA 4

**Usapang MILF-GRP**  
PAHINA 7

**Dole-Stanfilco, pinarusahan ng BHB**  
PAHINA 12

pampolitikang maniobrang makapagpapanatili sa kanila sa poder lampas sa 2010.

Alinsunod sa utos ng IMF-WB, ang pangunahin at papalaking dapat paglaanan ng VAT ay ang pam bayad sa utang panlabas ng gubyerno. Mula 30% lamang noong 2006, umaabot na ito ngayon sa 70% ng VAT. Nitong 2008, ₱634 bilyon o 24% ng badyet ng reaksyunaryong gubyerno ang inilalaang pambayad ng interes nito.

Malaking bahagi rin ng karagdagang kita sa VAT ay mapupunta sa Armed Forces of the Philippines (AFP). Inianunsyo kamakailan na malaking bahagi nito ay ipambibili ng ilang bagong helikopter para sa militar. Ngayong taon, naglaan ang rehimeng Arroyo ng ₱5 bilyon para sa Capability Upgrade Program ng AFP upang maging mas epektibo umano ito sa paglaban sa mga rebolusyonaryong pwersa, kahit pa napakalinaw na ang dapat kagay na bigyan ng prayoridad ay ang malubhang kalagayan ng kabuhayan ng mamamayan.

Tahasang nagsinungaling si Arroyo nang sabihin niyang "mayayaman" lamang ang makikinabang kung aalisin ang VAT sa langis. Ang

totoo, sa bawat pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo at kaakibat na paglaki ng buwis na nakapataw dito, bumabagsak ang kabuhayan ng milyun-milyong pamilya. Kung dati nang pinakamalaking porsyento ng buwis na nakokolekta ng gubyerno ay hindi mula sa "mayayaman" kundi sa masang anakpawis at karaniwang mga kawani, nag-ibayo pa ito sa palawakin ang saklaw ng VAT. Ang pag-aalis kahit ng VAT lamang sa langis ay magdudulot ng kagayat na kaginhawaan at dagdag sa araw-araw na kita ng milyun-milyong mga drayber ng dyip at traysikel, mga pasahero, maliliit na magsasaka at mangingisda; mga pamilyang gumagamit ng LPG at gaas; at marami pang iba.

Bilyun-bilyong piso ang tinatabo ngayon ng rehimeng bunsod ng walang tigil na pagmahal ng mga bilihin at kaakibat na paglaki ng nasisingil na VAT. Habang tumataas ang presyo, lumalaki pa ang nakokolektang VAT. Nitong unang hati ng 2008, umabot na sa ₱53 bilyon ang kabuuang nakolektang VAT, kung saan mahigit kalahati ay bunsod ng pagtaas ng presyo ng langis. Paborable sa gayon kay Arroyo ang mataas na tantos sa impla-

syon, habang nagdudulot naman ito ng sukdulang paghihirap sa mamamayan.

Kaya naman puspusang itinatakwil ni Arroyo ang panawagang ibasura ang VAT, laluna yaong ipinapataw sa mga produktong petrolyo. Dahil sa saklaw at laki ng nakokolekta mula rito, artipisyal nitong napipigilan ang paglubha ng krisis pampinansya at tuluyang pagkabangkarote ng gubyerno. Ipinagpipilitan ni Arroyo ang patuloy na pagpapataw ng VAT dahil ang totoo, ito ang sumasagip sa kanyang rehimeng sa harap ng krisis na ibinunga ng kanyang pangangayupapa sa mga imperialista, kasakiman at kapabayaan.

Sa kabilang tuluy-tuloy niyang pagsisinungaling sa bayan at pagpapakana ng mga panlilinlang, batid ni Arroyo na hindi siya pinaniwalaan ng lalong nakararaming mamamayan. Dumarami ang mga palaban at lumalaki ang hamon sa balak niyang patuloy na maghari lampas sa 2010. Kaya tinapos niya ang kanyang SONA nang may astang pananakot at pagbabanta sa sinumang hahadlang sa kanyang mga balak at programa.

Ngunit nagkakamali siya sa pag-aakalang natatakot pa sa kanya ang nakararaming mamamayan hirap na hirap na. Parami nang parami ang suklam na suklam sa huwad na pangulo at kanyang rehimeng. Nahuusahan na siya ng gutom at aping mamamayan.

Patuloy na namumuo ang unos ng paghihimagsik. Sa malawak na kanayunan, rumaragasa ang digmang bayan at dumadalas ang mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan laban sa mga persistang haligi ng rehimeng. Sa mataaong kabayanan, kalunsuran at sentro ng papet na reaksyunaryong kapangyarihan, lumalaganap ang mga protesta at nag-iipon ng lakas ang mamamayan para patalsikin ang kinamumuhiang rehimeng. AB

# ANG BAYAN

Taon XXXIX Blg. 15 Agosto 7, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

### Editorial

Pabigat na VAT, ibasura! 1

Sino ang nagbabayad ng VAT? 3

Mga kasinungalingan ni Arroyo 4

Welga sa Bikol 4

Protesta kontra-SONA 5

Bakit mataas pa rin ang presyo ng langis 6

Kasunduan ng MILF at rehimeng Arroyo 7

Kriminal na kapabayaan sa mga migrante 8

Bayad sa katapatian 10

Ismagling, pubuya kay Enrile 11

**Matatagumpay na TO**

DOLE-Stanfilco, pinarusahan 12

Tagumpay sa Abra 12

Pinakahulugan ng mga aksyon militar ng BHB 13

Tigil-putukan, di katanggap-tanggap 14

**Pananalanta ng pasistang estado**

Militarisasyon sa kanayunan 15

# Sino ang tunay na bumabalikat ng VAT?

**I**sa sa pinakamalalaking kasinungalingan ng nagdaang SONA ang pag-pupumilit ni Gloria Arroyo na "mayayaman" (mga nakatataas na uri) ang pangunahing bumabalikat sa VAT sa langis at kuryente dahil sila ang may pinakamalalaking kinokonsumo nito. Pinabubulaanan ito ng mga estadistika mismo ng kanyang gubyerno. Taliwas sa sinasabi niyang 84% ng langis at 90% ng kuryente ay kinokonsumo ng "mayayaman," sa aktwal ay mga pamilyang may maliliit hanggang katamtamang kita ang bumabalikat sa halos 90% ng nakokolektang VAT.

Ayon mismo sa mga estadistika ng Meralco, sumusunod ang aktwal na konsumo ng sambayanan ng kuryente: 34.41% sa sektor ng industriya; 28% sa sektor ng komersyo; 3.42% sa mga pampublikong gusali at ilaw sa lansangan; at 34.11% sa mga residensyal na konsyumer. Habang kinokonsumo nga ng unang dalawang sektor ang 62.4% ng produkto ng kuryente, ipinapasa naman nila ang buwis na ipinapataw dito sa kanilang mga konsyumer sa pamamagitan ng pagdaragdag nito sa presyo ng kanilang mga produkto at serbisyo. Maging ang sariling gastos sa kuryente ng Meralco at iba pang nagbebenta ng kuryente ay pinasasagot sa mga konsyumer ng kuryente. Ang VAT namang nakaipataw sa pagpapailaw ng mga gusali at lansangan ay binabayarán din ng mga buwis.

na direktang kinokolekta ng rehimens mula sa mamamayan. Sa mga residensyal na konsyumer (pangalawang pinakamalaki), 10% lamang ang kumokonsumo ng mahigit 500 kWh bawat buwan. Ang malaking mayorya ay ang mga tinataguriang abereyds at *lifeline users* na ditumataas sa 100 kWh ang kinokonsumo. Sila ang aktwal na pinakamalawak na base na direktang hinuhututan ng VAT.

Ang konsumo naman ng langis ay naayon sa sumusunod: 10% sa paglikha ng kuryente; 9.7% sa direktang gamit ng mga residente, pangunahan na sa anyo ng *liquefied petroleum gas* (LPG) at gaas; 57.2% sa transportasyon; 14.8% sa industriya; 5.2% sa sektor ng komersyo; at 2.5% sa agrikultura. Ang sektor ng transportasyon na siyang kumokonsumo ng pinakamalaking bulto

ng mga produktong petrolyo ay binubuo naman ng sumusunod: 29.5% sa pampublikong

transportasyon (liban sa traysikel); 47.9% sa mga traysikel at motor-siklo; 17.1% sa mga pribadong kotse; at 5.5% sa mga trak at *trailer* na pandeliber. Lumalabas na mahigit 56% ng langis ay tuwirang kinokonsumo ng karaniwang mamaayan sa anyo ng gamit ng mga residente, pampublikong transportasyon at maliitang pagsasaka at pangingisda. Kalakhan ng iba pa ay di tuwirang kinokonsumo rin ng karaniwang mamamayan sa pamamagitan ng mga binibiling produkto at serbisyo.

Hindi maikakaila sa mga estadistikang ito ang bilyun-bilyong pisong tinatabo ng rehimens mula sa mamamayang direktang kumokonsumo ng mga produktong petrolyo araw-araw. Sa unang pitong buwan pa lamang ng taong ito, mahigit ₱20 bilyon na ang tuwirang nahuthot ng rehimeng Arroyo sa karaniwang mamamayan na VAT sa langis at kuryente. Kabilang dito ang mahigit ₱14 bilyon mula sa biniling krudo ng mga drayber ng dyip, halos ₱3 bilyon sa kinonsumo ng mga drayber ng traysikel at ₱1.6 bilyon sa kinonsumo ng mga mangingisda. Nasa ₱1.5 bilyon naman ang tinatayang nahuthot na VAT mula sa mahihirap na pamilyang gumagamit ng gaas. Mas malaki pa ang VAT na nahuthot sa kanila sa di tuwirang paraan.

Ayon sa mga pag-aaral, ang mga buwis na katulad ng VAT na ipinapataw kapwa sa produksyon at pagbebenta (*sales*), laluna sa mga karaniwang konsumo at serbisyo, ay mas malaki ang kinakain sa kita ng mas mahihirap na pamilya. Nilalaman ng ganitong klase ng mga buwis ang 28% ng kita ng pinakamahihirap na pamilya kumpara sa 9.86% lamang ng mga kita ng pamilyang mayayaman.

AB

# Dagdag na kasinungalingan at pambabaluktot sa SONA 2008

Taliwas sa ipinagmalaki ni Gloria Arroyo sa kanyang SONA na pinaka-mababa ngayon ang tantos ng karalitaan sa bansa sa loob ng 20 taon, lalo itong sumisidhi sa ilalim ng kanyang paghahari. Nitong nagdang ang pitong taon, bumaba nang 20% ang kita ng karaniwang mamamayan.

Ayon mismo sa estadistika ng gubyerno, umaabot na sa ₱900 ngayong 2008 (mula ₱400 noong 2001) ang kinakailangan ng isang anim-kataong pamilya sa araw-araw para mabuhay nang disente sa Metro Manila. Itinatago rin ni Arroyo ang katotohanang mahigit 10 milyong Pilipino ang walang trabaho o nagahanap pa ng dagdag na trabaho habang mahigit nang 14 na milyon ang nangibang-bayan para maghanapbuhay.

Ipinagmalaki rin ni Arroyo na ₱32 na lamang kada kilo ang presyo ng komersyal na bigas. Ngunit ayon mismo sa National Food Authority (NFA), ang nasa-bing presyo ay noong Abril pa. Mula noon hanggang nitong Hulyo, ang komersyal na bigas ay nagkakahalaga na ng ₱39 hanggang ₱45 kada kilo. Ang di niya binanggit ay kaliwa't kanan ang mga anomalya sa pagbebenta ng murang bigas ng NFA para umano sa mahihirap. Inamin mismo ni Social Welfare Secretary Esperanza Cabral na sa Metro Manila pa lamang, sumobra nang 420,000 ang bilang ng nabigyan umano ng "family access cards" para makabili ng bigas ng NFA sa halagang ₱18.75 kada kilo.

Nagsinungaling pa si Arroyo na 10% lamang ng kinokonsumo nating bigas ang inaangkat ng bansa. Ang totoo'y noong 2007, umabot na ito sa 14% at papalaki pa ito ngayong taon.

Ipinagmalaki niya na mula 2001 ay umabot sa "makasaysayan" 1.5 milyong ektaryang tani-man ang mayroon nang irigasyon.

Hindi niya binanggit na 32% lamang ito ng kabuuang lupaing agrikultural sa bansa—ibayong mababa kumpara sa mga bansang Thailand at Vietnam.

Ipinagmalaki niyang ilang ulit na lumaki ang suporta sa mga iskolar sa kolehiyo at lumaki nang apat na ulit ang para sa hayskul. Ang hindi niya sinabi ay mula 2001 hanggang 2007, lumiit nang 2.4% ang bahagi ng pambansang badyet na inilalaan ng kanyang rehimene sa bawat estudyante, at mula 2000 hanggang 2007, bumagsak nang 14% ang bilang ng mga aktwal na pumapasok na batang nasa edad na para mag-arat.

Nagmayabang pa siya na dahil umano sa kanyang pakiusap sa mga kumpanya sa telekomunikasyon, ibinaba na ng mga ito nang 50 sentimo ang singil sa bawat mensa-heng teks. Ang totoo, isa lamang itong "promo" na matagal nang ginagawa ng mga naturang kumpa-



nya (na mapakikinabangan lamang sa halagang ₡20 kada araw). Sina-bi rin ng mga kumpanya sa telekomunikasyon na hanggang Oktubre lamang ang "promo" na ito, bagamat bukas silang palawigin pa ito sakaling marami nga ang maeeng-ganyo rito.

AB

## Tigil-pasada sa Bikol, inilunsad

Malawakang tigil-pasada sa Bikol ang inilunsad ng mga drayber at opereytor dito bilang sagot sa katatapos na SONA ni Arroyo. Ayon sa Concerned Drivers and Operators for Reform (Condor-Piston) sa Bikol, naparalisa nitong Hulyo 29-30 ang 99% ng pampublikong transportasyon sa Camarines Norte at Sorsogon. Pitumpu't limang por-syento naman ang paralisasyon sa Camarines Sur. Nagdaos naman ng protesta sa Masbate at Catanduanes.

Samantala, naglunsad rin ng "fish strike" ang mga mangingisda sa pangunguna ng Pamalakaya sa Albay, Catanduanes at Sorsogon. Ito ang kanilang tugon sa patuloy na pagtaas ng presyo ng langis. Igininit din nilang ibasura ang VAT at deregulasyon sa langis. Kasama sa mga nakiisa ang mga drayber ng mga bus na de-aircon, mga traysikel at van.

AB

# Malawakang protesta, inilunsad sa SONA ni Arroyo

Kaliwa't kanang protesta ang inilunsad sa araw ng State of the Nation Address o SONA ng rehimeng Arroyo sa pangunguna ng iba't ibang progresibong organisasyon at mga kaalyado nito.

Tinaguriang "People's SONA" ang mga kilos-protesta dahil, anang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), ang tunay na *state of the nation* ay mababatid sa lansangan at hindi sa mga kasinungalingan ni Arroyo sa Batasang Pambansa. Binatikos nila ang rehimeng Arroyo sa responsibilidad nito sa tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng langis at iba pang bilihin at sa pangkalahatang krisis sa ekonomiya. Ipinanawagan nila ang pagbabasura ng 12% Value Added Tax (VAT) sa langis at ng Oil Deregulation Law at ang pagtataas ng sa-hod ng mga manggagawa.

Tinatayang umabot sa 13,000 ang mga demonstrador na nagrali sa Commonwealth Avenue sa Quezon City. Maaga pa lamang ay nagtipun-tipon na sila sa tapat ng Ever Gotesco Mall. Naghanda at kumain sila ng lugaw bilang simbolo ng kahirapan at patuloy na pagdurusa ng mamamayan sa ilalim ng pamumuno ni Arroyo. Sinunog ni-la ang 21-talampakang *effigy* na nagpapakita kay Arroyo na nakasakay sa isang eroplano kasama ang among Amerikano habang lumulubog ang barkong "MV Pilipinas."

Bago magtanghali ay nag-walk out mula sa bulwagan ng Batasang Pambansa ang limang kinatawan ng mga progresibong partido. Kapit-bisig at taas-kamaong lumabas ng Batasang Pambansa sina Rep. Satur Ocampo at Teodoro Casiño ng Bayan Muna, Rep. Liza Maza at

Luzviminda Ilagan ng Gabriela Women's Party at Rep. Rafael Mariano ng ANAKPAWIS.

Lumahok din sa kilos-protesta ang iba't ibang grupo tulad ng United Opposition, Bangon Pilipinas Movement, Be Not Afraid Movement, Kilusang Makabansang Ekonomiya, Integrated Bar of the Philippines, White Ribbon Movement at Concerned Citizens' Movement at maging ang Philippine Nurses Association.

**Protesta sa iba't ibang panig ng bansa.** Sa Baguio, nagmartsa sa sentro ng syudad ang mga kasapi ng Kilusang Mayo Uno (KMU), Anakbayan, Kalipunan ng Damaya ng Mahihirap (KADAMAY) at League of Filipino Students (LFS). Hindi nila alintana ang ulan na hatid ng bagyong "Igme" at sa halip ay mainit ang kanilang si-gaw na patalsikin si Arroyo.



Samantala, sa Angeles City, nagrali ang mga myembro ng Bayan-Gitnang Luzon.

Sa Laguna, sinunog ng Anakbayan-Timog Katagalugan ang isang *effigy* ni Arroyo. Ang kanilang protesta ay bahagi ng 18 araw nilang *caravan* sa buong Southern Tagalog.

Sa Quezon, ipinarada ng Anakbayan ang isang *effigy* na ahas na sumasalarawan kay Arroyo at tero-rista nitong kampanya laban sa mga progresibong organisasyon at mamamayan. Nagkaroon din ng rali sa lunsod ng Antipolo at bayan ng Cainta sa lalawigan ng Rizal at sa Bacoor, Cavite.

Sa Bicol, ipinarada mula Peñaranda hanggang Pinaglabanan Monument sa Legazpi City ang isang *effigy* ni Arroyo na nakahiga sa salapi na kanilang sinunog pagkatapos ng martsa. Mariin nilang tinutulan ang konstruksyon ng Daraga International airport na isa sa mga prayoridad ni Arroyo.

Umabot naman sa 2,000 ang nagprotesta at nagmartsa sa Bacolod City. Lumahok sa demonstrasyon ang mga estudyante ng University of Negros Occidental-Recoletos. Isang *effigy* ni Arroyo na anyong pugita ang sinunog sa rali.

Galit na galit na binato ng putik ng mga nagpuprotesta ang laruwan ni Arroyo sa hirapan ng National Food Authority sa upisina nito sa Jaro, Iloilo City. Bahagi lamang ito ng mga kilos-protesta sa Iloilo City, Roxas City at Kalibo, Aklan na nilahukan ng 3,500 tao.

Nakiisa sa mga kilos-protestang ito ang may-ari at mga empleyado ng Jumbo Fishing Corporation sa Iloilo City.

# Bakit mataas pa rin ang presyo ng langis

Patuloy na tumatabo ng lalong malaking tubo ang mga dayong korporasyon sa langis sa Pilipinas dahil patuloy nilang ipinapako ang presyo ng langis sa mataas na antas kahit bahagyang bumaba na ang presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan. Sa harap ng halos \$20-25 pagbagsak ng presyo ng bawat bariles ng krudong langis nitong katapusan ng Hulyo, tumanggi ang malalaking dayong korporasyon na ibaba ang kanilang mga presyo sa katwirang mayroon pang "mga pagkal-

ging kailangang bawin."

Nitong mga unang araw ng Agosto, bahagyang bumaba sa \$118 kada bariles ang presyo ng krudong langis (sing-antas ng presyo noong katapusan ng Abril) mul sa rurok nitong \$147 noong simula ng Hulyo. Kung pagbabatayan ang presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan, disinsana'y ibababa na ang presyo ng mga lokal na produktong petrolyo sa antas nito noong katapusan ng Abril. Noon, ang kada litro ng diesel ay nasa ₱37.91-42, ang kerosene, sa ₱42.30-47.80 at ang gasolina sa ₱45.17-49.65.

Matapos lumabas ang balitang bumaba ang presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan, isinakatuparan ng mga kumpanya sa langis ang kakarampot na pagbawas sa presyo. Nitong Hulyo 31, ibinaba ng Petron, Caltex at iba pang kumpanya nang ₱1.50 ang presyo ng bawat litro ng gasolina subalit hindi ibinaba ang presyo ng diesel. Sumunod rito ang Shell, na nagbaba rin ng presyo ng diesel matapos itong itaas nang ₱1.50

Nagsabit sila ng mga istrimer sa kanilang mga barko sa Muelle Loney Port na nagsaad ng kanilang protesta sa mataas na presyo ng petrolyo at VAT. Isang kilos-protesta naman ang inilunsad ng 300 kasapi ng BAYAN sa harap ng Malacañang sa Sugbo sa Cebu City. Nananwagan sila sa mga mamamayan doon na patayin ang radyo o telebisyon habang nagtatalumpati si Arroyo.

"Papel, pasista, pahirap sa masa na si Gloria!" ang sigaw ng mga nagmartsa sa Cagayan de Oro. Naglunsad rin sila ng dula tungkol sa mangkukulam na nagluluto ng anti-mamamayan mga batas na tumutukoy kay Arroyo.

Sa Davao, inilunsad ang "tunay na *state of the nation address*" sa isang raling nilahukan ng 5,000 katao sa Freedom Park at Rizal Park. Mariing binatikos naman ng KMP-Davao at mga Lumad sa ilalim ng Pasaka ang kabiguan ng rehimeng Arroyo na ipatupad ang repormang agraryo at ang pagtataboy sa mga Lumad sa kanilang mga lupain.

Kasabay nito, naglunsad naman ng sariling SONA ang mahigit 100 lider ng mga pambansang minorya mula sa iba't ibang panig ng Mindanao na pinamagatan nilang State of the Indigenous People's Address (SIPA) sa unang gabi ng kanilang tatlong araw na kumperensya.

Naglunsad ng pagkilos ang mga kasapi ng Suara Bangsamoro at Liga ng Kabataang Moro sa Cotabato City upang kundenahin ang lumalalang militarisasyon sa Mindanao na bumibiktima sa mga Moro. Ang kawalan din ng tulong ng pamahalaan sa mga Moro ay nagreresulta sa malalang kahirapan at tumitinding kaguluhan sa Mindanao at sa isla ng Basilan.

Nagprotesta naman ang mga myembro ng GABRIELA sa harapan ng Western Mindanao University sa Zamboanga City. Hindi nabuwag ang kanilang hanay sa kabilang pagtatangka ng mga tauhan ng munisipyo.

**Protesta sa ibang bansa.** Sa US, pinangunahan ng BAYAN-USA ang kilos-protesta sa konsulada ng Pilipinas sa New York, Los Angeles at San Francisco.

Pinangunahan naman ng United Filipinos in Hongkong (UNIFIL) at Migrante International-Hongkong ang rali sa harapan ng konsulada ng Pilipinas sa Hongkong. Binatikos nila ang kapabayaan ng rehimeng mga migranteng manggagawang Pilipino.

Nagdaos naman ng "Pagsambang Bayan" sa Vancouver City, Canada ang mga kasapi ng Canada-Philippine Solidarity for Human Rights. Nagkaroon din ng kilos-protesta sa syudad ng Montreal at Ottawa. Naglunsad rin ng mga aksyong protesta sa mga syudad ng Melbourne at Sydney sa Australia. Sa Okinawa City, Japan naman, naglunsad ng talakayan ang mga Pilipino at Japanese tungkol sa kalagayan ng Pilipinas. AB

sundan sa "Langis...," pahina 7

*Usapang pangkapayapaan sa MILF*


## Ginagamit ng rehimens para sa sariling interes

**P**anloloko, pagtatraydor at pananabatahe ang ginagawa ng rehimeng Arroyo sa usapang pangkapayapaan nito sa Moro Islamic Liberation Front (MILF). Kunwa'y nakikipagnegosasyon ito sa MILF pero ang tunay na pakay ng rehimeng Arroyo ay gamitin ang prosesong pangkapayapaan para muling itulak ang pakana nitong *charter change* o pagbabago ng konstitusyon. Sakaling bumalik sa puspusang paglulunsad ng armadong pakikibaka ang MILF, gagamitin din itong sangkalan ni Arroyo para makapaglunsad ng todo-todong opensibang militar at magpataw ng *emergency rule* kundi man batas militar.

Walang anumang intensyon ang rehimens na galangin ang karapatan ng MILF at tumalima sa mga napagkasunduan. Nakikipagnegosasyon lamang ito sa MILF para palakasin ang nanghihina nang kapit ni Arroyo sa poder at malinlang ang mga rebolusyonaryong pwersang Moro na pumasok sa masyadong

mahabang tigil-putukan, maging pasibo sa usaping militar at sumuko.

Kaya naman nanatiling pataysindi at impormal ang usapang pangkapayapaan ng rehimeng Arroyo at MILF mula pa noong 2001. Ang tanging mayor na napagkasunduan ay isang mahaba at mabuway



na tigil-putukan. Layon lamang nitong papurulin ang palabang diwa ng Bangsamoro Islamic Armed Forces, pahinain ang MILF hanggang sa mapresyur itong sumang-ayon sa maliliit lamang na konse-

### *"Langis...," mula pahina 6*

kada litro noong Hulyo 25. Sa ngayon, nasa ₱58/litro pa rin ang *diesel*, ₱61/litro ang gaas at ₱59/litro ang gasolina.

Nagsimula itong bumagsak nitong huling linggo ng Hulyo bunsod ng malaking paghina ng konsumo sa mga produktong petrolyo. Partikular sa US, naiulat na nabawasan nang 16 bilyong kilometro ang ibinyahe ng mga motoristang Amerikano noong Marso 2008 kumpara sa Marso 2007. Dahil din sa pagtaas ng presyo ng gasolina, nagbawas ng byahe o nagtaas ng pamasahe ang malalaking *airline*.

Sa Pilipinas, umaabot sa 14 na kumpanya ng pagngisda at pagdedelata ng sardinas sa Western Mindanao ang nagsara o nagbawas ng kanilang operasyon mula noong Hulyo 26 dahil sa taas ng presyo ng langis. Umabot sa 50,000 manggagawa ang natanggal sa trabaho. Dumadaing na rin maging ang Jumbo Fishing Corp. sa Iloilo na nagsabing lumalaki ang kanilang pagkalugi dahil sa pagtaas ng presyo ng langis at laki ng binabayaring buwis.

Nitong Hunyo 2008, lumalabas na nabawasan ng \$100 milyon ang kita ng Philippine Airlines dahil sa pagtaas ng presyo ng *jet fuel*. Nagbabawas na rin ng

byahe ang Cebu Pacific.

Sa kabilang nito, ang presyo ng langis ay pilit pa ring hinihila pataas ng mga ispekulator at mga monopolyong korporasyon sa langis. Sa pagbaba ng presyo ng langis, muling naglabas ang Goldman Sachs ng ulat na aabot pa rin sa \$149 kada bariles ang kruong langis pagsapit ng katapusan ng 2008. Ang Goldman Sachs ay isa sa pinakamalalaking kapitalista sa pinansya na sangkot sa ispekulasyon sa langis.

Wala namang tigil ang mga kumpanya sa langis sa paglalabas ng mga balitang nagsasabing may suliranin o magkakaroon ng suliranin sa suplay ng langis. Pilit na pinaiinit ng US at iba pang alyadong imperyalista ang tensyon sa Iran at sa diumano'y programang nukleyar nito upang palutangin ang banta ng panibagong gera sa Middle East.

Isinasangkalan din ng mga kumpanya ng langis ang mga atake sa mga *oil pipeline* sa Nigeria ng mga lokal na pwersang gerilya. Bagamat walang aktwal o makabuluhang epekto sa suplay, ang mga ito ay ginagamit ng mga kumpanya sa langis at mga kapitalista sa pinansya para itulak ang ispekulasyong muling tataas ang presyo.

AB

syon at halos sumurender.

Ang totoo'y walang anumang intensyon ang rehimeng Arroyo na sumang-ayon sa mga susing usa-ping iginigiit ng MILF tulad ng pagbabalik ng kanilang lupang ninuno, pagtamasa ng soberanya sa mga likas na yaman at paggalang sa karapatan ng mga Moro sa sari-ling pagpapasya at sa awtonomya. Hanggang sa kahuli-hulihan, pilit na pinalalabnaw nang husto ng mga negosyador ni Arroyo ang isang borador na kasunduan na pu-mapatungkol sa mga usaping ito. Nagtangka pang magpasok ng mga amyenda ang tusong mga negosyador ng gubyerno sa dokumentong pinagkaisahan na nang walang pagpapaalam sa mga negosyador ng MILF. Labis itong ikinagalit ng MILF at nagbunsod ito ng pag-walk out ng mga negosyador nila noong Hulyo 26.

Para bumalik ang MILF sa negosasyon, kunwa'y pumayag ang rehimeng Arroyo na magkapirmahan nitong August 5 sa Memorandum of Agreement (MoA) on Ancestral Domain, kahit alam nito na ang pagpapalapad ng saklaw ng Bangsamoro Juridical Entity nang lagpas sa kasalukuyang kalat-kalat at makikitid na saklaw ng Autonomous Region for Muslim Mindanao (ARMM) ay mahigpit na tututulan ng mga naghaharing uri sa bansa, kabilang ang mga kapitalistang nagmamaya-

ari ng malalaking minahan sa mga sangkot na lugar.

Ito'y bukod pa sa pagtutol ng samutsaring pwersang anti-Moro sa mga sasaklawing lugar tulad ng ilang syudad, bayan at baryo sa Zamboanga del Sur, Zamboanga Sibugay, Lanao del Norte, Bukidnon, North Cotabato, Sultan Kudarat at Palawan. Hindi rin lamang mga lokal na naghaharing uri ang inaasaahan tututol sa MoA. Tiyak na hindi papayagan ng US at iba pang imperyalistang may malalaking interes sa Mindanao na magkaroon ng mga pagbabagong makasasagka sa kanilang pandarambong at panghihimasok sa isla.

Alam na alam din nina Arroyo na pipigilan ng Korte Suprema ang pirmahan ng MoA bago ang nakatakdang eleksyon sa ARMM ngayong Agosto. Pero tusong ipinangako ng mga negosyador ni Arroyo na maipagpapaliban ang eleksyon para mabigyang-pagkakataon umano ang pagpapatupad sa MoA.

Batid rin nina Arroyo na marami pang pagdaraanang proseso ang reaksyunaryong gubyerno bago maipatupad ang isang plebisito hinggil sa usapin ng lupang ninuno ng Bangsamoro. At alam din nina Arroyo na ayon sa mga proseso ng reaksyunaryong gubyerno, dapat munang maamyendahan ang konstitusyon bago maipatupad ang pagpapasaklaw ng territoryo ng

Bangsamoro.

Sadya ring inililihim ng rehimeng Arroyo ang nilalaman ng MoA para lalong mag-alma ang mga pwersang anti-Moro at makapagbunsod ng ibayong kaguluhan na siyang sasagpangin ng Malacañang para makagamit ito ng kamay na bakal. Gigil na gigil na ang rehimeng ideklara ang pormal na pag-sasara ng usapang pangkapayapaan para makapaglunsad na ito ng todo-todong opensibang militar laban sa MILF oras na lumaban ito para depensahan ang sarili at mga komunidad ng Moro laban sa ibayong panalakay ng AFP at iba pang mga armadong pwersang anti-Moro.

Buo ang suporta ng Partido Komunista ng Pilipinas sa MILF at sa pakikibaka ng kabuuang Bangsamoro para sa pambansang pagpapasya sa sarili, pagbabalik sa kanila ng kanilang mga lupang ninuno at pagtamasa ng ganap na awtonomya. Ang pakikibaka ng Bangsamoro ay bahagi ng kabuuang pambansa-demokratikong rebolusyonaryong pakikibaka. Tulad ng lahat ng iba pang aspeto ng rebolusyon Pilipino, ang anumang hindi makakamtan sa pamamagitan ng prosesong pangkapayapaan ay matatamasa rin balang araw sa ganap na pagtagumpay ng digmang bayan laban sa malakolonyal at malupyudal na sistemang umiiral sa bansa.

AB

## Daan-daan libong Pilipino sa ibayong dagat, itinataboy

**D**aan-daan libong Pilipino ang itinataboy ngayon sa iba't ibang panig ng mundo at dumaranas ng matinding karahasanan sa proseso ng deportasyon. Higit dito, ang pwersahang deportasyon ay nagdudulot ng mabigat na dislokasyon sa kanilang kabuhayan.

Sa South Korea, malawakan ang pang-aaresto, deportasyon at panunupil sa di dokumentadong mga

dayo, kabilang ang 28,529 na manggagawang Pilipino roon. Upang tuparin ang itinakda nilang

kotang 3,000 deportasyon kada buwan, sinusuyod ng mga pulis at awtoridad sa imigrasyon ang mga pagawaan, istasyon ng tren, simbahan at iba pang lugar upang arestuhin ang mga dayuhang walang papeles.

Sa paghuli sa kanila, gumagamit ang mga awtoridad ng mapanindak na taser o baril na kumukuryente sa target at nagdudulot ng pagkawalang-malay. Kahit mga


may sakit at buntis ay hindi ligtas sa di makataong pama-maraan na ito. Mala-impyerno ang kundisyon nila habang nasa kulungan. Tinotortyur at ginagahasa ang iba. Ang iba namang nagtagtangkang tumakas ay sina-saktan kundi man pinapatay. Bago pa man maisalansan na animo'y sardinas sa barkong magdedeport sa kanila, marami na sa kanila ang nangangamatay dahil sa pagod, sakit sa baga at matinding pagkauhaw.

Ang pagmamalupit na ito ay mariing kinundena ng Migrante International, isang pandaigdigang samahan ng mga migranteng Pilipino. Hindi nila lubos-maisip ang ganitong pagmamaltrato sa mga migrante sa kabilang malaking kontribusyon at mahabang serbisyo nila sa lipunang South Korean.

Hindi na nga tumutulong, kintigan pa ng Philippine Ambassador sa South Korea na si Luis T. Cruz ang deportasyong ito at sinabing normal lamang ang ganitong proseso dahil may gawi raw talaga ang mga manggagawang Pilipino na lumampas sa nakasaad sa kontrata. Anang Migrante, isang malaking insulto ang pahayag na ito sa mga biktima ng karahasan at mga migranteng Pilipino sa pangkabuuan. Nagpapatunay lamang ito ng kriminal na kapabayaan ng rehimeng Arroyo sa mamamayan nito.

Sa Malaysia, umaabot sa 150 hanggang 300 di dokumentadong Pilipino kada linggo ang pinalalayas mula sa Sabah. Kabilang dito ang deka-dekada nang doon nani-nirahan at mga doon isinilang, nagkamalay at namumuhay. Tintatayang may 200,000 di dokumentadong migrante roon.

Ang paghihigpit ay hindi na bago sa gubyernong Malaysia. No-



ong 2005, umupa pa ito ng 560,000 People Volunteer Corps (Relas sa lokal na katawagan), na binibigyan ng 100 ringgit (₱1,361) sa kada di dokumentadong manggagawang mahuhuli nito. Walang kasanayan ang mga Relas sa tamang proseso ng pang-aaresto at respeto sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

Ayon sa Migrante International, ginagamit lamang ng State Government of Sabah ang mga migranteng Pilipino tuwing eleksyon, may pana-panahong paggawa sa agrikultura at pagtotroso at pagkatapos ay pinalalayas kung hindi na kailangan. Ang huling halalan sa Malaysia ay naganap noong Marso 8 at inilulunsad kada apat na taon.

Binalaan ng Amnesty International, isang grupo sa karapatang-tao, ang gubyernong Malaysia laban sa sapilitang pagpapalayas ng mga Pilipino mula sa Sabah. Ayon dito, marami sa kanila ay mga refugee at napilitang lumikas sa kasagsagan ng gera sa Mindanao.

Nito namang Hunyo, naglabas ang European Union (EU) ng mas mahigpit na patakaran sa imigrasyon. Nangangahulugan itong palayasin ang mga di dokumentadong dayuhan kasama ang kanilang mga anak. Maaari rin silang ikulang nang hanggang 18 buwan, at pagbawalang bumalik sa bansa nang limang taon. Kung maaaprubahan ng parlamentong EU, magkakabisa ang patakaran sa 2010.

Inulan ng batikos ang bagong hakbang na ito. Sa ngalan ng diumanong paglaban sa terorismo, ang mga migrante, laluna ang mga lahing di puti, ay naging bulnerableng target. Sa 953,519 manggagawang

Pilipino sa Europe, tinatayang hindi bababa sa 112,990 ang di dokumentado.

Sa Italy, inaprubahan din kamarakilan ang patakaran magpahintulot na ikulang ang mga di dokumentadong migrante sa pansamantalang mga piitan o *holding centers* nang 18 buwan, mula sa dating dalawang buwan. Maaari silang ikulang nang hanggang apat na taon kung muling lalabag. Itinuring na ring krimen ang pagpaupa ng tirahan sa mga "iligal" na dayuhan. Sa 128,080 Pilipinong naninirahan sa Italy noong 2006, umaabot sa 20,000 ang di dokumentado. Noong 2005, 70% ng migranteng Pilipino sa Italy ay kababaihan.

Nananawagan ang Migrante International na agarang isuspinde kundiman tuluyang itigil ang malawakan at marahas na paghihigpit sa mga di dokumentadong dayuhan. Pinananagot nila ang rehimeng Arroyo rito, na dapat ay nangunguna sa pagliligtas sa sariling mamamayan nito.

# Bayad sa katapatan

Noong Hulyo, naging tampok ang sunud-sunod na pagtatalaga ni Gloria Arroyo ng kanyang mga alipures sa pinaglalawayang mga pusisyon sa gubyerno. Hindi lamang ito kapalit ng kanilang katapatan at patuloy na pagsuporta. Paraan din ito ng pangkating Arroyo para tiyakin na nasa kontrol nito ang mahahalaga at maseselang ahensya at departamentong kumokontrol sa malalaking pondo.


Pinakagarapal dito ang pagtatalaga sa dating hepe ng National Economic Development Authority (NEDA) na si Romulo Neri bilang pinuno ng Social Security System (SSS) at National Social Welfare Program (NSWP) noong Hulyo 9. Bilang pinuno noon ng NEDA, si Neri ay kinasabwat ni Arroyo sa pagpalusot ng kontratang NBN-ZTE, na kinasangkutan ng mahigit \$350 milyong suhol. Pinatunayan ni Neri ang kanyang "habambahay" na katapatan kay Arroyo nang tumanggi siyang ibunyag ang anomalya sa kaso. Sa pagtatalaga kay Neri sa SSS at NSWP, wala nang hahadlang kay Arroyo sa pagkopo sa mahigit ₱200 bilyong pondo ng milyun-milyong pribadong manggagawa at ₱45 bilyon pang pondo ng NWSP para sa kanyang sariling kapakinabangan at pagpapalaki ng pondo para sa pamilitikang maniobra.

Itinalaga naman ni Arroyo si Zenaida Ducut bilang pinuno ng Energy Regulatory Commission noong Hulyo 10. Ang kanyang pagkakatalaga ay pinakahuli lamang sa mga maniobra ng pamilyang Arroyo na gipitin ang Meralco at humirit maghabol ng mas malaking sari-ling pakinabang sa sektor ng enerhiya.

Si Ducut ay dating kongresista ng ikalawang distrito ng Pampanga na pinalitan ng panganay na anak ni Arroyo na si Miguel "Mikey"

Arroyo. Nagsilbi rin siyang *deputy chief presidential counsel* ni Arroyo. Ayon sa mga ulat, itinalaga si Ducut sa pwesto bilang kabayaran sa kanyang papel sa pagbubuo ng Transpacific Consolidated Resources Inc. (TCRI), isang kumpanyang pang-enerhiya. Sa kabilang kadu-da-dudang kwalipikasyon ng TCRI, ibinigay dito ng National Power Corporation noong Marso ang dalawang kontratang nagkakahalaga ng ₱1.27 bilyon. Ayon sa mga papeles nito, kabilang sa mga "may-ari" ng TCRI ang dalawang nagngangalang "Leslie" at "Ressie Ducut" na nakabase sa Pampanga. Nang mabunyag ang maanomalyang kontrata, itinanggi ni Zenaida Ducut na kamaganak o kakilala man lamang ang dalawa. Pinagdududahan ngayon ng marami na ang kumpanya ay isang prenteng korporasyon lamang na itinayo ng mga Ducut para sa pamilyang Arroyo.

Kasabay nito, tiniyak ni Arroyo na nasa kon-



trol ng kanya mismong pamilya ang maperang komite ng enerhiya at likas-yaman sa Kongreso. Muling inihalal sa pwesto bilang pinuno ng komite sa enerhiya ang panganay niyang si Mikey Arroyo habang nasa kamay naman ng bayaw niyang si Ignacio Arroyo ang komite sa likas-yaman na siyang nangangasiwa sa mga kontrata sa pagmimina.

Bago kina Neri at Ducut, paisaisa nang ipinupwesto ni Arroyo sa mga kapaki-pakinabang na ahensya ang mga talunang kandidato ng kanyang koalisyon Team Unity (matapos ang isang taong pagbabawal). Mismong si Exec. Sec. Eduardo Ermita ang umaming kabayaran ang mga pusisyon ito sa pagpanig ng naturang mga pulitiko kay Arroyo noong nakaraang eleksyon. Pinakatampok dito ang pagkakatalaga kay Ralph Recto bilang pinuno ng NEDA kahit wala siyang kwalipikasyon para sa pusisyon.

Nang mabuksan naman ang NIA 3 noong katapusan ng Hulyo, itinuring na tapos na ang trabaho roon ni Mike Defensor at inilipat siya sa di hamak na mas kapaki-pakinabang na pusisyon bilang pinuno ng proyektong Northrail.

Ang natalong kandidato sa pagkagubernador ng Pampanga na si Mark Lapid ay itinalaga ni Arroyo bilang *general manager* ng Philippine Tourism Authority. Napipisil din daw ang isa pang kapwa Kappampangan na si Emmanuel Angeles, *chancellor* ng Angeles University Foundation, para mamuno sa CHEd. Samantala, si Cristina Enrile, asawa ng mahigpit na alyado ni Arroyo na si Sen. Juan Ponce Enrile, ay itinalaga bilang embahador sa Vatican, kung

saan inaakalang maiimpluwensyahan niya si Pope Benedict XVI na pumabor sa rehimen.

Kasabay nito, abala naman si Arroyo sa pagrigodon at pagpapalit-palit ng mga tauhan sa kanyang gabinete para mapagbigyan ang iba pa niyang alipures. Noong Hunyo, itinalaga niya bilang *adviser* sa usapang pangkapayapaan si Gen. Hermogenes Esperon matapos ang panunungkulan niya bilang hepe ng AFP. Pinalitan niya si Jesus Ducreza na itinalaga namang *press secretary*. Ang dating *press secretary* na si Ignacio Bunye ay ipinwesto naman sa Monetary Board. Itinalaga rin niya bilang kagawad ng gabinete si Silvestre Bello III, dating *adviser* sa usapang pangkapayapaan. Pinalitan niya sa gabinete si Ricardo Saludo, na ngayon ay pinuno ng Civil Service Commission. AB

## Pagtitiyak sa kinabukasan

**H**abang tinitiyak ni Arroyo ang pananatili niya sa pwesto sa kasalukuyan, ipinupwesto na rin niya ang kanyang mga tauhan sa mahahalagang sangay ng gubyerno bilang paniguro sa kanyang katayuan lampas ng 2010. Pangunahin dito ang pagtitiyak na hawak ng kanyang mga kaibigan ang mga sangay na maaaring maging mapagpasya sa kanyang kinabukasan—ang Korte Suprema, upisina ng Ombudsman at Sandiganbayan.


Pagsapit ng 2010, lahat na ng mga hukom sa Korte Suprema ay mga hirang na ni Arroyo. Magreretiro na sa susunod na taon (2009) ang anim sa kanila habang halos lahat ng matitira ay mga dating tauhan at kilalang malapit sa kanyang pangkatin.

Ang upisina ng Ombudsman ngayon ay nasa ilalim ng kontrol ni Merceditas Gutierrez, kilalang opereytor at malapit na kaibigan ni Mike Arroyo, asawa ni Gloria. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, tumirik ang pagpuproseso ng marami sa mga kasing kinasasangkutan ng malalapit na alyado ng pangkating Arroyo. Naging instrumento ang Ombudsman upang gipitin ang mga pulitikong kumakalaban sa mga alipures ni Arroyo.

Ang upisina ng Sandiganbayan naman ay pinamumunuan na ni Diosdado Peralta, isang malapit na kaibigan ng pamilyang Macapagal. Unti-unti na ring itinataboy ni Arroyo ang mga independyenteng tauhan ng Sandiganbayan tulad ni Dennis Villa-Ignacio. Si Villa-Ignacio ay isa sa mga prosektor sa kasing pandarambong ng dating presidente si Joseph Estrada. Pilit siyang pinagbibitwi ngayon ng mga alyado ni Arroyo. AB

## Ismagling, pabuya kay Enrile

**N**alantad kamakailan na makakalain na makakalain ang operasyong ismagling nina Sen. Juan Ponce Enrile sa Cagayan Special Economic Zone and Freeport (CSEZF) sa Port Irene, Cagayan.



Bilang isa sa mga masusugid na alyadong pampulitika ni Gloria Arroyo, tumatanggap si Sen. Juan Ponce Enrile ng malaking mga konsesyon at pabor para sa kanyang mga negosyo at mas malalaking iligal na mapagkukunan ng yaman. Kabilang sa mga nabunyag na malaking pabuya ngayon ay pinuno ng Civil Service Commission. AB

Ang pamamahala sa CSEZF sa pamamagitan ng Cagayan Economic Zone Authority (CEZA) ay ibinigay ni Arroyo kay Enrile. Ipinwesto naman ni Enrile bilang administrador ng CEZA ang kaibigan niya si Jose Mari Ponce at ang manugang niya si James Kocher para patakbuhan ang operasyon ng ismagling roon.

Gayon na lamang ang lakas ng loob ni Enrile na itanggi na siya ang nasa likod ng ismagling sa Port Irene dahil alam niyang kakatigan siya ng Malacañang. Katunayan, ilang araw matapos malantad ang operasyong ismagling nina Enrile, kaagad nagpahayag ang mga tagapagsalita ni Arroyo na walang ismagling sa daungan dahil hindi naman bawal magpasok doon ng mga inangkat na segundo-manong sasakyen. Nitong Hulyo 31, personal pang bumisita si Arroyo sa CSEZF upang ipakita ang suporta kay Enrile.

Noong 2002, inilabas ni Arroyo ang EO 156 na nagbabawal sa importasyon ng mga mamahaling segundo-manong sasakyen na ibebenta sa Pilipinas. Tugon niya ito sa reklamo ng mga dayuhang kumpanya na may mga plantang nag-aasembol ng mga sasakyen sa bansa. Sa ginawang interpretasyon dito ng Korte Suprema noong 2007, saklaw ng pagbabawal ang anumang lugar sa bansa.

Pero bilang suhol sa malalapit na alyado ni Arroyo, gumawa ng baluktot na interpretasyon ang Malacañang sa sariling EO at sinabing sa Subic Freeport lamang ipinagbabawal ang pagpapapasok ng mga inangkat na segundo-manong sasakyen. Tinatangkilik at pinuproteksyon ng Malacañang ang mga operasyon sa ismagling ng mga paboritong alyado ni Arroyo, kabilang si Enrile. Ilan sa iba pa niyang alyadong nabiyayaan ng ganitong privilege sina Luis "Chavit" Singson ng Ilocos Sur at mga Garcia sa Cebu. AB



# Dole-Stanfilco, pinarusahan ng BHB

**N**ireyd ng isang platan ng mga Pulang mandirigma ng Valentín Palamine Command (VPC) noong madaling araw ng Hulyo 24 ang plantasyon ng Dole-Stanfilco sa Luna Sur, Makilala, North Cotabato.

Sinunog ng mga gerilya ang apat na *mobile packing vehicle* at dalawang *water truck*. Dinisarmahan din ang mga gwardya ng kumpanya ng dalawang mahahabang armas. Inambus din ng mga Pulang mandirigma ang mga dumating na reimporment.

Ang reyd sa Dole-Stanfilco ay aksyong pamarusa laban sa walang tigil na pang-aagaw ng kumpanya sa mga sakahan ng maliliit na magsasaka at mga Lumad sa North Cotabato at iba pang bahagi ng Far South Mindanao.

Nang iutos ni Pres. Diosdado Macapagal (ama ni Gloria Arroyo) noong 1964 na ipaupa ng National Development Corp. ang 8,000 ektarya ng primera klaseng lupang agrikultural sa Amerikanong kumppanyang Dole Philippines sa halagang ₱1 bawat ektarya bawat taon, libubong magsasaka at Lumad ang napalayas sa kanilang mga lupain. Mahigit apat na dekada na ang nakaraan, subalit hindi pa rin tumitigil ang pagpapalawak ng kumpanya. Saklaw na nito ang di bababa sa 30,000 ektarya sa Far South Mindanao pa lamang, sa mga prubinsya ng South Cotabato, North Cotabato at Sarangani. Isinangkalan nito ang “rural development” umano para mabuyo ang mga magsasakang ipaubaya ang kanilang mga lupain at pumasok sa mga kaayusan tulad ng “growership,” “lease contract” at “kooperatiba.” Pinakahuling nakopo nito ang matatabang lupang agrikultural sa North Cotabato na isinailalim sa pagpapalit-gamit para maging plantasyon ng saging na pang-eksport.

Masahol pa, ang malawakang gamit ng Dole-Stanfilco ng mga pestisido at fungicide sa mga saginan ay naging salot sa mga puno ng lansones at rambutan sa kalapit na lupain. Ngayong taon ay kakarapot lamang ang magiging aning mga nagtatanim ng prutas sa mga bayan ng Makilala at Kidapawan dahil mula nang simulan ang mga sagingan, dinumog na ng mga peste ang kanilang mga halaman at punong kahoy. Pakana rin ito para mapilitan ang mga magsasaka na ibenta ang kanilang lupa kundiman tahasang kamkamin ng dayuhang korporasyon ang mga ito.

Nararapat din lamang na parusahan ang Dole-Stanfilco para sa

pang-aapi nito sa mga manggawa nito, paggamit sa militar para supilin ang kanilang mga lehitimong protesta at iharas ang kanilang mga masliders.

Tulad ng dayuhang minahang Xstrata-SMI na pinarusahan din ng mga gerilya ng Valentín Palamine Command ngayong taon, kinamuhiang ng mga manggawa at magsasaka ng Mindanao ang Dole-Stanfilco. Malaon nang nagdurusa ang mamamayang Moro, Lumad at setler sa kasibaan ng kumpanyang ito na nang-aagaw ng kanilang lupain at kumita na ng bilyun-bilyong dolyar mula sa dugo at pawis ng masa. Anang VPC, tungkulin nating kunin ang mga lupaing ito upang maibalik sa mga magsasaka at manggagawang Pilipinong siyang karapat-dapat na magmay-ari ng mga ito.

AB

## Kaaway, nagtamo ng 19 na kaswalti sa ambus ng BHB sa Abra at Kalinga

**A**nim na sundalo ng 41st IB ang napatay at siyam ang nasugatan sa pananambang na isinagawa ng isang yunit ng Agustin Begnalen Command ng Bagong Hukbong Bayan-Abra (ABC-BHB) noong hapon ng Agosto 1 sa Barangay Duldulao, Malibcong, Abra. Kabilang sa mga nasugatan ang lider ng platan na si 2Lt. Junemar Tutoy. Sa Kalinga, tatlong sundalo ang napatay at isa ang nasugatan nang ambusin ng BHB noong Hulyo 31 ang mga tropa ng 21st IB sa Sityo Lagwak, Barangay Limos, Pinukpuk.

Sa Abra, isang ripleng M16, mga bala at isang bakpak mula sa isang sundalo ng isang platan ng Bravo Company ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma sa limang-minutong ambus. Nagpapatrulya noon ang militar sa mga baryo ng Poblacion, Bayabas at Duldulao nang pasabugan sila ng *command-detonated claymore mine* ng BHB.

Nangyari ang ambus na ito isang araw pagkatapos ng dalawang-araw na pagdalaw ni Arroyo sa prubinsya ng Apayao at Tuguegarao City kung saan buong yabang niyang inutusan ang mga upisyal ng 5th ID na durugin ang armadong rebolusyonaryong kilusan bago ang 2010.

AB



# 25 armas, nasamsam ng BHB

**U**mabot sa 25 armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga taktikal na opensiba sa iba't ibang dako ng Pilipinas mula Hulyo 20 hanggang unang linggo ng Agosto. Anim ding elemento ng kaaway ang napatay at siyam ang nasugatan sa mga opensibang ito.

Halos kasabay ng mga aksyon militar ng BHB ay ipinahayag ni AFP Chief of Staff Alexander Yano noong huling linggo ng Hulyo na nabigo ang kanilang *internal security operations* (ISO) laban sa BHB nitong ikalawang kwarto ng taon. Dalawa ang idinahilan niya—ang pagsasagawa umano ng “*relief and rehabilitation operations*” ng mga sundalo at ang pag-atras sa “sistemang pabuya” ng gubyernong Arroyo.

**Agosto 2.** Naglunsad ng aksyon harasment ang isang tim ng Nerissa San Juan Command (NSJC) ng BHB-Catanduanes laban sa pinagsanib na tropa ng 65th IB at PNP Regional Mobile Group sa Barangay Magsaysay, Viga, Catanduanes. Dalawa ang napatay at isa pa ang nasugatan sa dagliang aksyon militar na ito.

Ang maagap na pagpapaabot ng datos ng mga residente sa kilos ng kaaway ang siyang naging susi sa matagumpay na pagbira sa pasistang kaaway, ayon kay Ka Theresa Magtanggol, tagapagsalita ng NSJC-BHB. Dahil dito, nakapakat kaagad ang mga Pulang mandirigma at pumusyon sa paborableng lugar habang papalapit ang mga sundalo.

Pinabulaanan ng taktikal na opensibang ito ang pahayag ng AFP na wala nang kumikilos na mga Pulang gerilya sa Catanduanes at kontrolado na umano ng militar ang 31 baryo sa isla. Ganting parusa rin ito ng BHB sa tuluy-tuloy na

paghahasik ng terorismo ng Philippine Army at PNP sa erya mula Hunyo 3 hanggang sa kasalukuyan.

**Agosto 1.** Natapos ang pagse-servisyo nina Manolo Basilan, pangulo ng Association of Barangay Captains ng Ligao, at Jessie Birones bilang mga ahenteng paniktik ng 9th Infantry Division nang manlaban sila habang inaaresto ng mga operatiba ng Santos Binamera Command ng BHB-Albay sa Borocborongan, Barangay Herrera, Ligao City, Albay. Ayon kay Ka Greg Bañares, tagapagsalita ng NDF-Bicol, nakumpiska kina Basilan ang dalawang pistolang



kal .45 at isang Ingram machine pistol.

**Hulyo 31.** Isang elemento ng CAFGU ang nasugatan nang harasin ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan-Larangang Gerilya 53 ang detatsment ng 38th IB sa Barangay Temporan, Magpet, North Cotabato.

**Hulyo 30 ng gabi.** Sinalakay ng mga gerilya ng Pulang Bagani Command 1 ang plantasyon ng sagig na pagmamay-ari ni Nonong Rodriguez sa Barangay Tigatto, Buhangin District, Davao City. Nasamsam ng mga kasama ang isang pistolang 9 mm, isang kalibre .22 revolver at dalawang shotgun ng mga gwardya. Sinunog nila ang apat na *dump truck* at dalawang malaking kagamitan.

Nauna rito ay sinalakay nila ang Cabaguio Farms sa Sityo Fatima, Barangay Mandug at ang katabing Lapanday Farms. Ang mga operasyon ng mga plantasyong ito ay nakasisira sa kabuhayan ng mga residente sa paligid nito.

**Hulyo 30.** Dalawang sundalo ang nasugatan nang paulanan ng bala ng mga gerilya ng Larangang Gerilya A4 ang Kioya Patrol Base ng 4th IB sa Sibagat, Agusan del Sur.

**Hulyo 29.** Nakasamsam ng walong ripleng M16, pitong pistola at mga bala ang mga Pulang mandirigma ng Narciso Antazo Aramil Command (NAAC) ng BHB-Rizal sa dalawang reyd laban sa isang aktibong lider paramilitar at isang dayuhang minahang naninira ng kalikasan at kagalingan ng mamamayan at mga employado nito.

Sa utos ng Hukumang Bayan ng Demokratikong Gubyernong Bayan,



inaresto ng mga operatiba ng NAAC sa kanyang bahay sa San Rafael, Montalban, Rizal si Ricky Garmino, 38 taong gulang at pusakal na lider ng 3rd CAA Coy at ng sindikatong "Bonnet Gang." Mula 2002, aktibong ahenteng paniktik ng 59th IB si Garmino at sumasama na sa mga operasyong militar. Sangkot din si Garmino sa maraming krimen laban sa mamamayan kabilang ang pagpaslang kay Pastor Solano ng Born Again at anak nitong binata noong 2004 sa San Rafael.

Ginawaran siya ng mataas na kaparuhasan ng hukumang bayan dahil sa hindi niya pagbabagong-buhay sa kabilang ng mariing babala sa kanya ng rebolusyonaryong kilusan.

Nasamsam sa kanya ang limang ripleng M16, dalawang pistola at mga bala ng M203 *grenade launcher*.

Noon ding araw na iyon, sinalakay ng isa pang yunit ng NAAC-BHB-Rizal ang kumpanyang minahan ng Koreano sa Sityo Casili, Barangay Pintong Bocaue, San Mateo. May proteksyon umano ang kumpanyang ito mula sa isang nagngangalang Major General Gupilan ng AFP. Tatlong ripleng M16, limang pistola at ilang kagamitan sa pagmimina ang nakumpiska ng BHB.

**Hulyo 23 ng gabi.** Sa pang-aabuso nito sa kalikasan, sa mga residente at mga manggagawa nito, sinalakay ng Roger Mahinay Command ng BHB sa South West Front ang *compound* ng Philex Mining Corporation at ng kontraktor nitong United Philippine Drilling sa Sityo Sked 7, Barangay Nabulao, Sipalay City, Negros Occidental. Nasamsam sa mga bantay ang isang *shotgun*, isang kalibre .38 rebolber at mga bala, isang *base radio*, apat na VHF *handset* at tatlong *intercom*. Matapos mailayo sa lugar ang mga manggagawa at empleya-

## Tigil putukan, di katanggap-tanggap

**H**ungkag ang panawagan tigil-putukan ng ilang upisyal ng rehimeng Arroyo. Wala itong ibang layunin kundi pagtakpan hang dinaranas na kabiguan ng Oplan Bantay Laya 2 (OBL2) sa layunin nitong gapiin ang armadong rebolusyon.

Inilabas ang panawagan makaraan ang sunud-sunod na matatagumpay na mga taktikal na opensiba ng BHB, laluna sa Southern Mindanao at Eastern Visayas, mga rehiyong target na durugin ng OBL2 ngayong taon.

Para hindi direktang aminin na bigo ang todo-largang kampanyang militar nila laban sa BHB, isinangkalan nila ang matagal nang suspendidong usapang pangkapayapaan sa pagitang ng reaksyunaryong gubyerno at National Democratic Front at sinabing kundisyon ang tigil-putukan para muling buhayin ito.

Ngunit nahalata agad ang desperasyon at pagiging doble-kara ng AFP nang ianunsyo nito, isang araw matapos ang alok umano ng tigil-putukan, ang pagpapadala sa Southern Mindanao ng isang *armored battalion*—umaabot sa 700 tropa, mga tangke, kanyon at iba pang malalakas na armas. Sa pagdaragdag ng mga tropang ito, kalahati na ng buong pwersa ng Philippine Army ang nasa Mindanao.

Bago ito, inamin na rin ni Lt. Gen. Pedro Inserto, hepe ng AFP Central Command, na bigo ang "solusyong Palparan" sa pagresolba sa "problemang kontra-insureksyon" at bagkus ay nakapagpalala pa ito. Tinutukoy ng "solusyong Palparan" ang malawakang ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot at pagsiil sa mga sibilyang itinuturing na

*sundan sa "Tigil...," pahina 15*

do ng minahan, sinunog ng mga gerilya ang mga *bunker* ng Philex.

**Hulyo 22.** Isang myembro ng *death squad* na itinayo ng 61st IB ang pinarusahan ng mga pwersang gerilya ng BHB sa Sityo Cambuguiot, Barangay Camindangan, Sipalay City, Negros Occidental. Ayon kay Ka Nilo Magtanggol, tagapagsalita ng BHB-Roger Mahinay Command, bukod sa pagiging myembro ng CAFGU na tumatayong *death squad*, si Wilfredo Abendan ay isa ring mangangalabaw na bumibiktima ng mga residente ng Barangay Camindangan.

**Hulyo 21 ng umaga.** Apat na sundalo ng 4th IB na nag-oopera-

syon ang nasugatan nang tambangan ng mga gerilyang pwersa ng BHB sa Sityo Balete, Barangay Mi-rayan, Gloria, Oriental Mindoro. Kabilang sa nasugatan at dinala sa ospital si Lt. Mark Orbista.

**Hulyo 20.** Sa Agusan del Sur, tinambangan ng mga pwersang gerilya ng BHB ang isang grupo ng mga sundalo mula sa 26th IB na papauwi sa kanilang himpilan. Nangyari ang pananambang sa Barangay Osmeña, La Paz. Lulan ng isang *mini-cruiser* ang mga sundalo nang paulanan ng putok ng mga gerilyang nakakubli sa masukal na bahagi ng kalsada. Nasugatan ang isang tinyente.

AB



# Militarisasyon sa kanayunan, nagpapatuloy

**P**atuloy ang mga paglabag sa karapatang-tao sa kanayunan at kalun-suran. Sumusunod ang parsyal na ulat na nakalap ng *Ang Bayan* ni-tong nakaraang dalawang linggo:

**Agosto 2.** Basta na lamang pininalipat mula sa PNP Custodial Center sa Camp Crame, Quezon City tungo sa Manila City Jail (MSJ) si Randall Echanis, 60, *deputy secretary general* ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Mariing tinutulan ng mga kamag-anak, kabibigan at kasama sa militante at progresibong organisasyon ang biglaang pagpapalipat kay Echanis. Anila, isang detenidong politikal si Echanis at hindi dapat isama sa mga taong suspectsado ng mga pangkaraniwang krimen. Makakasma rin sa maselang kalusugan ni

Echanis ang pagkakalipat sa kanya. Si Echanis ay dinakip ng mga militar at pulis sa Bago City, Negros Occidental noong Enero 2008 at ikinulong sa Southern Leyte sa kasong *multiple murder* kaugnay sa purgahang naganap umano sa Inopacan, Southern Leyte noong 1985. Kasama niyang kinasuhan sina Prof. Jose Ma. Sison, Luis Jalandoni at si Bayan Muna Rep. Satur Ocampo.

**Hulyo 25.** Sinampaahan ng 11th IB ng mga gawa-gawang kasong kriminal sina Felipe Gelle, *secretary general* ng Bayan Muna-Negros; Vi-

marie Arcilla, *secretary general* ng Karapatan-Central Visayas; Epefania Asentista ng Karapatan-Negros; Ronald Ian Evidente ng ANAKPA-WIS-Negros; at Dionesio Baloy, lider ng organisasyon ng magsasaka-kang Kaugmaon. Ang mga kasong isinampa laban sa kanila ay iligal na detensyon, *murder, kidnapping, grave threats at coercion*.

**Hulyo 21.** Pinaslang ng mga sundalo ng 21st IB si Rocky Aboli, residente at upisyal ng barangay ng Upper Uma, Lubuagan, Kalinga. Nakilala ang mga upisyal na dumakip at pumatay kay Aboli na sina Major Domingo, Lt. Aries Apduhan at Lt. Jay Alambra. Sa kanilang ulat sa hedkwarters ng 21st IB, pinalabas ng mga sundalo na si Aboli ay isa umanong mandirigma ng BHB.

**Hulyo 18.** Iligal na inaresto at ikinulong ng mga elemento ng 65th IB si Rowell Fernandez ng Abihaw, Baras, Catanduanes.

**Hulyo 12.** Tinortyur ng mga pasistang tropa hanggang mawalan ng malay sina Nodante Pongan Jr. at Norman Sales ng Barangay Maysuram, Caramoran, Catanduanes. Hinaras din ng mga sundalo si Michael Torrente ng Barangay Pag-sangahan, San Miguel ng gayon ding prubinsya.

**Hulyo 10.** Sinunog ng mga nag-ooperasyong sundalo ng AFP ang bahay ni Eugenio Torres Jr. sa Barangay Villa Aurora, Viga, Catanduanes.

**Hulyo 9.** Binugbog ng mga elemento ng Philippine Army ang 16 anyos na si Jake Cristobal at 30 taong gulang na si Eddie Fria, pawang taga-San Isidro, Pandan, Catanduanes.

**Hunyo 3.** Pinagtangkaang patayin ng mga operatibang paniktik ng AFP ang mag-amang Rodrigo at Randy Sumayang ng Barangay As-gad, San Andres, Catanduanes.

**"Tigil...," mula pahina 14**


tagasuporta ng rebolusyonaryong armadong kilusan.

Napipilitan ngayon ang AFP na bumaling sa kung anu-anong pakitang-taong pakana para mapagtakpan ang kahiya-hiya nitong pagkatalo sa harap ng pakikidigmang gerilya ng BHB. Mismong mga kuman-deer militar ng AFP ang nagsabing walang mayor na natamong tagumpay ang militar sa pakikipaglaban sa BHB nitong ikalawang kwarto ng 2008.

Gayunpaman ay nagbubulag-bulagan ang Malacañang sa katotohanang ito. Sa kahuli-hulihan, binara ni Defense Sec. Gilbert Teodoro ang usapin ng tigil-putukan dahil hindi umano ito upisyal na patakaran ng rehimeng. Hindi talaga maitulak ng Malacañang ang "tigil-putukan" dahil katumbas ito ng pag-aming bigo ang OBL2 at ang linya ng todo-todong gera, at nagtatagumpay ang BHB.

Sa halip na tigil-putukan, muli na namang binuhay ng Malacañang ang alok ng "amnestiya" sa mga rebolusyonaryong pwersa na una niyang ipinroklama noong Agosto 2007. Hinihiling nito sa Kongreso na aprubahan ang inisyal na badyet na ₱500 milyon para umano sa mga susukong mandirigma ng BHB dala ang kanilang mga armas. Pero tiyak na madaragdag lamang ang pondong ito sa humahabang listahan ng mga programang palabigasan ni Arroyo. Hindi ito papansinin ng mga rebolusyonaryong pwersa. Maglilipana ang mga huwad na surrenderi, mga kun-wunwariang pagpapasumpa sa mga sumuko, paulit-ulit na paggamit ng mga isinuko umanong sandata at iba pang panlilinlang.

AB



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIX Blg. 15

Agosto 7, 2008

www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Pabigat na VAT, ibasura!

**H**ilos walang ibang nilaman ang mahigit isang oras na State of the Nation Address (SONA) ni Gloria Arroyo kundi ang pagtatanggol at pagbibigay-matwid sa pagpapataw ng Value Added Tax (VAT). Tahasan niyang ibinasura ang malawakang panawagan ng mamamayang Pilipino laban sa VAT at ikinatwirang ang malaking pondong nakokolekta mula rito ay nagsisilbing tanging "depensa" ng mahihirap sa harap ng kasalukuyang matinding krisis sa ekonyoma.


Sa pagtatanggol ni Arroyo sa VAT, pinatunayan na naman niya ang kanyang katapatan sa imperyalismo at masugid na pagtalima sa mga patakaran ng imperyalistang "globalisasyon." Ang pagtataas at pagpalawak ng VAT ay isa sa mga partikular na patakaran idinikta ng IMF at World Bank sa papet na rehimeng noong 2006. Nitong mga nagdaang linggo, ilang ulit na nagbabala ang IMF-WB laban sa pag-aalis ng VAT. Para sa IMF-WB at rehimeng US-Arroyo, ang VAT ang susing patakaran para tuluy-tuloy na makapag-bayad ng utang panlabas, panatilihang nakutang ang bangkaroteng gubyerno at pigilan ang pag-sambulat ng panibagong krisis sa pinansya.

Upang ga-wing katanggap-tanggap

sa mamamayan ang patuloy na pagpapataw ng pasning VAT, inihanay ni Arroyo ang kanyang mga hungkag na programang kontra-kahirapan. Tinawag niyang "Katas ng VAT" ang mga programang "subsidyo." Pinalalabas nina Arroyo na "pakinabang" ito ng mamamayan mula sa VAT. Pero ang totoo'y ni-nanakaw lamang ang malaking bulto nito habang namumudmod ng mapang-insultong barya-baryang palimos sa mga nagdarahop.

Ipinangangalakan ni Arroyo na ang malaking dagdag na kita sa VAT sa langis ay napupunta sa mahihirap. Ang totoo, sangkatlo lamang ng tinatayang ₱30 bilyong dagdag na kita sa VAT ngayong taon ang inilaan niya sa mga pakulong programang "pan-subsidy." Gayunman, mismis pa rin lamang nito ang aktwal na napupunta sa mga naghihirap. Sadyang walang mahigpit na sistema ng auditing ang mga ito upang ang malaking bahagi nito'y maibubulsa ni na Arroyo at kanyang mga alipures. Takam na takam sila sa

"Katas ng VAT" para lalo pa silang makapag-pasasa at mas mapalaki pa nila ang kani-lang pondo para sa mga



**Mga tampok sa isyung ito...**

**Malawakang protesta inilunsad sa SONA**  
PAHINA 4

**Usapang MILF-GRP**  
PAHINA 7

**Dole-Stanfilco, pinarusahan ng BHB**  
PAHINA 12

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*